# MAG-EXPLORE NANG LIGTAS: PAG-IWAS SA LEPTOSPIROSIS

## 01 Ano ang Leptospirosis?

Ang Leptospirosis ay isang sakit na sanhi ng bacteria na nakakaapekto sa mga tao at hayop.

## 02 Pagkalat at Pagkalantad

- Paglangoy at/o pagkakadikit sa sariwang tubig ng mga lubak, lawa, bukal, basang lupa, o halaman na nakontamina ng ihi ng hayop o direktang nalantad sa ihi, dugo, o mga tisyu mula sa isang nahawang hayop.
- Pumapasok ang bacteria sa katawan sa pamamagitan ng mga sariwang sugat o daanang puwedeng pasukan (hal. bibig, ilong, o mga mata)
- Bihirang kumakalat nang tao sa tao.

## 03 Mga Senyales at Sintomas

- Mga sintomas na tulad ng trangkaso
- Maaaring kasama ang lagnat, pangangatog, pananakit ng kalamnan, pantal, paninilaw (paninilaw ng balat at mga mata), pananakit ng ulo, mapulang mga mata, pananakit ng tiyan, pagsusuka, at pagtatae.
- Maaaring magkasakit 2 araw hanggang 4 na linggo pagkatapos malantad.

## 04 Pag-iwas

- Iwasang lumangoy o lumusong sa mga sariwang tubig ng bukal o lawa, lalo na kung mayroon kang sariwang hiwa o sugat.
- Iwasang lumangoy nang nakalublob ang ulo sa tubig para mabawasan ang pagkakalantad sa pamamagitan ng mga mata, ilong, at bibig.
- Huwag uminom ng tubig sa lawa o bukal nang hindi pinapakuluan o nililinis ng kemikal.

## 05 Kumonsulta sa isang Provider

Makipag-ugnayan sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan kung may mga sintomas ka at posibleng nalantad ka sa kontaminadong tubig



